



Mag-aral ng Ingles sa pamamagitan ng Programa ng Ingles para sa Migranteng Nasa Edad na (Adult Migrant English Program)

Adult Migrant English Program

Ingles ang pambansang wika ng Australya. Ang mga tao sa Australya ay nagsasalita ng maraming wika, ngunit ang magsalita ng Ingles at maunawaan ito ay tutulong sa iyong lubos na makibahagi sa buhay-Australyano. Kung walang Ingles, mahihirapan kang matamo ang Pagkamamamayan ng Australya (Australian Citizenship), ma-akses ang mahahalagang serbisyo at mabuhay nang nagsasarili.

Para matuto ng Ingles, maaari kang dumalo sa Adult Migrant English Program (AMEP).

Ano ba ang AMEP?

Ang AMEP ay pinopondohan ng Pamahalaang Australya (Australian Government) at nagbibigay ng hanggang sa 510 oras na libheng mga aralin sa wikang Ingles para sa karapat-dapat na mga migrante at mga humanitarian entrant. Kung ikaw ay nabigyan ng permanenteng visa o isang pangkarapat-dapat na pansamantalang visa at nagsasalita ng bahagyang Ingles lang o walang Ingles, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga AMEP. Ang ilang mga kabataang migrante na may edad sa pagitan ng 15 hanggang 17 taong gulang ay maaari ring maging karapat-dapat.

Sa klase ng AMEP, matututunan mo ang mga kasanayan sa wikang Ingles at malalaman ang mga impormasyon tungkol sa lipunan ng Australya. Makikilala mo ang iba pang mga bagong dating at maaari kang magkaroon ng mga bagong kaibigan. Magkakasama itong tutulong sa iyo at sa iyong pamilya upang matagumpay na manirahan sa Australya. Napakahalaga rin ng mga kasanayan sa wikang Ingles kung gusto mong magtrabaho sa Australya.

Isinasagawa ang AMEP ng aprobadong mga tagapagtaguyod ng serbisyo at itinuturo ng mga gurong sinanay na magturo ng Ingles sa mga nagsasalita ng iba pang mga wika.

Paano ako magpapalista?

Upang makakuha ng matrikula sa wikang Ingles sa pamamagitan ng AMEP, dapat kang magrehistro sa isang aprubadong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP sa loob ng anim na buwan mula sa pagdating mo sa Australya o mula sa pagsisimula ng visa. Kailangan mong simulan ang klase sa Ingles sa loob ng 12 buwan mula sa pagdating mo sa Australya o mula sa pagsisimula ng iyong visa.

May limang taon ka mula sa petsa ng pagdating mo sa Australya o mula sa araw ng pagsisimula ng visa upang matuto ng wikang Ingles sa pamamagitan ng AMEP. Maaari kang maging karapat-dapat para sa karagdagang mga aralin depende sa iyong mga pangangailangan.

Ang iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ay makakatulong sa iyong pumili ng klaseng pinaka-angkop sa iyong mga pangangailangan upang masiguro ang pinakamahusay na posibleng resulta para sa iyo. May mga full-time at part-time na mga klase sa iba 't ibang oras at sa iba 't ibang lugar upang mag-aral sa araw at oras na angkop sa iyo.

Mga landas ng matrikula

Upang mas matugunan ang iyong mga pangangailangan, ang iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP ay makakatulong sa iyong pumili ng isa sa dalawang landas ng matrikula:

- Landas ng Ingles Bago Makapagtrabaho – ay para sa mga kliyenteng gustong matutunan ang magagamit na Ingles upang makalahok sa lugar ng trabaho, o higit pang pagsasanay na maaaring humantong sa pangmatagalang trabaho.
- Landas ng Panlipunang Ingles – ay para sa mga kliyenteng nagnanais na mapagbuti ang kanilang kakayahan sa pagsasalita ng Ingles para matulungan silang makilahok sa lipunan at magkaroon ng tiwala sa kakayahang mabuhay nang nagsasarili sa kanilang lokal na komunidad.

Maaari mong gamitin ang iyong karapatan na nakasaad sa batas na 510 oras sa alinmang landas o pinagsama ang dalawa.

Ang mga kliyente na tumatanggap ng mga suportang kabayaran na may kinakailangang mutwal na obligasyon ay hindi magiging karapat-dapat para sa landas ng Panlipunang Ingles.

Paano kung hindi ako makakapunta sa klase?

Kung hindi ka makapunta sa iyong klase, makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP. Ang mga tagapagtaguyod ng serbisyo ay maaaring makatulong sa iyong matuto ng Ingles sa bahay sa tulong ng isang tutor o sa malayuang pag-aaral online sa tulong ng guro ng AMEP.

Maaari ka ring mag-aral nang ayon sa iyong kakayahang bilis gamit ang mga e-learning modyul ng AMEP sa www.amepdl.net.au. Ang mga libreng aralin na ito ay makukuha ng lahat (hindi lang ng mga kliyente ng AMEP) para tulungan silang matuto ng Ingles.

Mga sub-program ng AMEP

Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga karagdagang matrikula kung ikaw ay may natatanging pangangailangan.

Natatanging Programa ng Pang-umpisa (Special Preparatory Program)

Ang Special Preparatory Program (SPP) ay nag-aalok ng karagdagang mga oras at suporta sa mga karapat-dapat na humanitarian entrant na nakaranas ng sobrang hirap bago nag-migrante at may limitadong pinag-aralan.

Mga Landas ng Pamayanang Wika sa Pagtatrabaho at Pagsasanay (Settlement Language Pathways to Employment and Training)

Ang programang Settlement Language Pathways to Employment and Training (SLPET) ay nag-aalok sa mga karapat-dapat na mag-aaral ng kursong nakatutok sa trabaho upang tulungan silang matuto ng Ingles para sa pagtatrabaho habang nagiging pamilyar sa kultura at mga kaugalian sa lugar ng trabaho sa Australya.

Ang SLPET ay nagbibigay ng hanggang sa 200 karagdagang oras ng matrikula sa wikang Ingles para sa sa partikular na trabaho, kabilang ang hanggang 80 oras na placement para magkaroon ng karanasan sa trabaho sa iba't ibang industriya.

AMEP Palugit (AMEP Extend)

Ang programang AMEP Extend ay nag-aalok ng hanggang 490 oras na karagdagang matrikula sa karapat-dapat na mga estudyante na naka-kumpleto ng kanilang mga karapatang 510 oras nang hindi makakamit ang kanilang mga mithiing kahusayan sa wikang Ingles.

Pag-aalaga ng bata ng AMEP (AMEP child care)

Maaaring ayusin ng iyong tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP ang libreng pag-aalaga ng bata para sa iyong mga anak habang ikaw ay nasa klase. Ang libreng pag-aalaga ng bata ay para lang sa mga batang hindi pa pumapasok sa paaralan.

Patnubay sa landas ng AMEP (AMEP pathway guidance)

Ang tagapagtaguyod ng serbisyo ng AMEP ay nag-aalok ng patnubay sa landas na tutulong sa iyong magtakda ng iyong mga mithiin, maunawaan ang iyong mga pagpipilian at gumawa ng mga desisyon kaugnay ng iyong matrikula, karagdagang edukasyon at mga oportunidad sa pagtatrabaho.

Para sa karagdagang impormasyon

AMEP	Mga detalye ng kontak
Telepono	13 38 73
Website ng AMEP	www.education.gov.au/amep
Email	skilling@Education.gov.au
Impormasyon sa mga wika maliban sa Ingles	www.education.gov.au/amep-information-Other-Languages
Saan ko matututunan ang Ingles? Mga tagapagtaguyod ng AMEP at mga sentro ng pagkatuto AMEP online	www.education.gov.au/adult-migrant-English-program-service-providers www.amepdl.net.au
